

# Mga Kuwento ng Pag-ibig

## ni ROGELIO DE LA ROSA

SA PAGKAKASULAT NI *Conde Val Pierre*.

# Gintuang Alaala

I

NAGDIRIWANG noon ang sangkatauhan dahil sa muling pagkabuhay ng Dakilang Kristo! Pasko noon nang pagkabuhay! Hindi ko malilimot, Fanny, pagka't kasabay ng pagsasaya ng lahat ng Kristiyano ay muli tayong pinagtagpo ng mapagbirong Tadhana pagkaraan nang di mabilang na taon.

Oo, Fanny, ang ilang taong namagitan sa ating paglalayo, para sa akin ay hindi na mabilang. Paano'y gayon na lamang ang hangad kong tayo'y magkatagpo upang liwanagin ang isang bagay na naging dahilan nang ating pagkakalayo.

Hindi naman ako nagkamali nang palagay, na, ikasisiya mo ang muli nating pagkikita. Nagitla ka lamang nang ilang sandali ng ikaw ay lapitan ko at kamayan...

—Ikaw ba si Bert?

—Oo, Fanny! Bakit, malaki ba ang ipinagbago ko?

—Aba, oo! Tumaas ka at lumaki ang iyong katawan! Kumusta?

—Mabuti naman, Fanny! Maganda para sa akin ang pagkakataong ito! Maaari ba kitang anyayahan sa isang minindal ngayon?

—Bakit hindi? Tayona! —at nang kawitin mo ako sa bisig ay napatunayan kong nagbabalik nga pala ang kahapon na nang una ay hindi ko ibig paniwalaan.

Nguni't napansin kong ikinukubli mo ang luhang nangingilid sa iyong mga mata. Kung ano ang kahulugan ng luhang iyon, ikaw lamang, Fanny, ang nakatatalos.

At nang masarili na natin ang pagkakataon sa isang tanging silid ng tanyag na restawran, bago ko sinimulan ang pagpapaliwanag ay itanong muna ang hinangad kong masagot mo...

—Galit ka pa ba sa akin, Fanny?

—Kung galit ako sa iyo, Bert, ay hindi ako sasama sa iyo rito...

—Salamat naman!

—Wala kang dapat pasalamatan, Bert. Nang kinusa ko ang paglayo sa iyo ay hindi ko malaman kung ako'y nagtatampo lamang o nagagalit sa iyo, dahil nga sa pangyayaring...

...Kung gayon, Fanny, bakit hindi mo ako binigyan nang pagkakataong makapagpaliwanag? Disin ay hindi tayo nagkalayo... !

—Aywan ko ba... hindi ko nga malaman kung bakit iyon ang sumuot sa naguguluhan kong isip. Gayunman, dahil sa panahong namagitan sa atin ay nalimot ko na



rin ang lahat...

—...Samakatuwid, Fanny, hindi ko pa man naipaliliwanag sa iyo ang dahilan nang ating di pagkakaunawaan ay nakatitiyak na akong maaaring magbalik ang ating kahapon?

—Saka ko na sasagutin ang tanong mong iyan, Bert. Ano nga ba ang tunay na nangyari noon? —at pilit mong pinasungaw sa iyong mga labi ang isang tuyot na ngiti, bago ka uminom ng

**Ang Kanilang Puso Pala Ay Nagsimpan, Ng Isang Pag-ibig Na Wagas At Banal.**

pampalamig na hiningi natin.

Pagkatapos kong magbuntung-hininga at maiusal sa sarili ang isang taus-pusong pasasalamat sa Poong Maykapal ay isinalaysay ko sa iyo noon ang lahat.

—Inaamin ko, Fanny, na nagsinungaling ako sa iyo upang ikaw ay mapaibig lamang. Hindi ako nagtapat na mayroon na akong masasabing katipan —si Adora nga. Nguni't katipan ko mang masasabi si Adora ay kung bakit nagsusumiksik sa pangitain ko, na, hindi kami magiging magkapalad. Paano'y habang nag-iiwan ng bakas ang panahon sa aming pagsusuyuan ay nagkukulang siya nang pagtitiwala sa akin. Oo, sa aking pag-ibig ay nag-aalinlangan siya. Samantala, isang magandang kinabukasan ang inihahanda ko upang kung kami'y tagurian nang *ginoo* at *ginang* ay maipagkapuri niya ako. Kung ilang ulit ko nang ipinaliwanag sa kanyang magtiwala siya sa akin, hanggang sa siya ang makita kong nakikibahagi ng ligaya sa piling ng iba, na, nang mag-usisa ako'y nagtawa lamang siya at ang sabi: *"Hayaan mo munang magsaya ako, pagka't sa sandaling mabuklod na ang ating mga puso ay matutulad ako sa isang ibong nakakulong sa hawla!"*




—Ano ang ibig niyang sabihin, Bert, sa pangungusap niyang iyon? —putol mo sa aking paliwanag.

—Hindi ako nagpalagay ng masamang kahulugan sa kanyang sinabi, Fanny. Hinayaan ko siya at hindi pinakialaman. Itinuring kong buhat noon ay tapos na ang aming pag-iibigan, hanggang sa ikaw nga ay makilala ko at hangaan ang natatangi mong ganda at pag-uugali. Nang tanggapin mo ang aking pag-ibig ay kung ilang ulit kong tinangkang ipagtapat sa iyo ang lahat, nguni't naging mahina ang aking loob, pagka't hindi ko ibig dungisan ang tapat nating pagmamahalan. Datapuwa't malimit sumuot sa isip ko ang kasabihang: *"May pakpak ang balita at may tenga ang lupa!"* Ang kasabihang ito ang nag-uudyok sa akin upang magtapat na sa iyo, subali't hindi ako nagkaroon nang lakas ng loob. Talagang hindi ko matitiis na sugatan ang mura mong puso, kaya nabuo sa loob kong bahala nang humatol ang Tadhana sa akin.

—Nguni't Bert, bakit ganoon ang salita niya nang makita tayo? —putol mo uli sa aking paliwanag.

—Sapagka't sadyang ganoon ang isang taong may karamdaman at naghihingalo na... wala na sa kanyang sarili. Ginawa niya ang gayon upang mamuhi ka sa akin; upang ikaw ay lumayo; upang ako'y mahabag sa kanya't muling papanariwain ang matamis naming kahapon. Subali't nagkamali siya. La'o akong napoot sa kanya, nang ikaw ay biglang tumalikod sa amin. Hindi ba hinabol kita noon? Ang ginawa mo'y sumakay ka agad

(Sunda[illegible] pahina 83)

*BAKAS NG NAKARAAN:*

*Isang "bed room shower" ang inihandog kay Rosella, ng kanyang matalik na kaibigan. Isang tumandang dalaga ang nagpagunita sa doktora, na ang kapahamakan ay lalong maamo sa malapit nang ikasal. Nang makaalis ang mga panauhin, si Rosella ay nakadama ng takot, habang naaalaala ang pagunita ng kaibigan. Dumating si Rogel at siya'y inaliw. Madaling-araw na nang manaog ang binata. Nang nakahiga na si Rosella ay may tumawag sa telepono at may ibinalita sa kanya ukol sa naganap na dukutan. Naalaala ni Rosella si Rogel...*



(IKA-2 LABAS)

PATULOY na parang binabayo ang dibdib at halos pigilin ni Rosella ang kanyang paghinga, habang pinakikinggan ang sinasabi ng kausap niya sa te'epono. Pagkaraan ng ilan pang sandali ay saka siya nakaramdam ng ginhawa ng kalooban, pagkatapos na mabatid na ang kanyang kausap ay nagkamali, sapagka't sa halip na sa pulisya ay ang kanyang telepono ang napagkamalang tawagin.

Marahang dinampi ni Rosella ang pawis na gumiti sa kanyang noo, at pagkaraang palayain ang isang malalim na buntong-hiningang nagpaluwag sa kanyang dibdib ay saka nagbalik sa hihigan. Ipinikit ang mga mata at inihanda na ang sarili upang matulog; nguni't hindi pa nagtatagal ay